# PAANO MAKAKUHA NG KAUTUSANG PROTEKSYON PARA SA DOMESTIKONG KARAHASAN

**Kung ikaw ay nasa agarang panganib, tumawag sa 911.** Maaari ka ring tumawag sa National Domestic Violence Hotline sa 1-800-799-SAFE (7233) at 1-800-787-3224 (TTY) o i-text ang "start" sa 88788.

Makakahanap ka ng mga magpakukunan upang matulungan kang gumawa ng planong pangkaligtasan online, sa library, at sa iyong lokal na kanlungan para sa karahasan at sekswal na pag-atake https://andvsa.org/find-help/member-programs/ upang mahanap ang mga lokal na mga mapagkukunan para sa karahasan ng tahanan at mga sekswal na pag-atake na mga kanlungan.

Kung mayroon kang mga tanong o kung kailangan mo ng tagapagsalin, humingi ng tulong sa iyong lokal na hukuman.

### Ano ba ang Kautusang Proteksyon para sa Domestikong Karahasan?

- Ang kautusang proteksyon ay nilagdaan ng isang hukom at nag-uutos sa ibang tao na gawin o huwag gawin ang ilang mga bagay upang mapanatili kang ligtas. Halimbawa, ang mga kautusang proteksyon ay karaniwang nagsasabi sa ibang tao na layuan ka at huwag makipag-ugnayan sa iyo.
- Maaari kang maghain ng petisyon sa korte upang humingi ng kautusang proteksyon kung may nakagawa ng karahasan laban sa iyo. Maaari ka ring maghain alang-alang sa iyong mga anak o sa isang taong ikaw ay legal na tagapag-alaga.
- Ang paghingi ng kautusang proteksyon ng domestikong karahasan ay **hindi** pareho sa pag-uulat ng isang krimen sa pulisya. Mayroon kang karapatang mag-ulat ng isang krimen sa pulisya, sa anumang oras.
- Ang mga tagubiling ito ay nagpapaliwanag kung paano humingi ng kautusang proteksyon sa karahasan sa tahanan. Makakahanap ka ng higit pang impormasyon sa ak courts.info/pub22.

### Paano ako hihingi sa korte ng kautusang proteksyon?

Mga napupunang PDF na Porma

- Maghain ng *Petisyon para sa Kautusang Proteksyon para sa Domestikong Karahasan.* Para sa higit sa isang tao, gamitin ang porma DV-100. Para sa higit sa isang tao (halimbawa, ikaw at ang iyong mga anak), gamitin ang DV-100M.
- Lahat ng mga pampublikong porma ng karahasan sa tahanan ay makukuha online sa ak-courts.info/dvforms.

Petition Wizard

- Sa halip na direktang punan ang porma ng petisyon, maaari mong gamitin ang *Petition Wizard*, may internet program na gagabay sa iyo sa proseso. Sa huli, makakatanggap ka ng petisyon na maaari mong ihain sa korte.
- Available ito online sa ak-courts.info/dvwizard.

## Paano ko pupunan ang petisyon?

**Petisyoner.** Ang "petisyoner" ay ang taong po-protektahan ng kautusang proteksyon. Kung pinupunan mo ang petisyon para sa iyong sarili, ikaw ang petisyoner. Kung pinupunan mo ang petisyon para sa isang medor de-edad na bata, ang bata ang petisyoner. Isulat ang pangalan ng bata, petsa ng kapanganakan, at ang iyong relasyon sa bata.

**Respondent.** Ang "respondent" ay ang taong hinihiling mong protektahan. Dapat mong ibigay ang pangalan at apelyido ng respondent at, kung alam mo ito, petsa ng kapanganakan. Kung ang respondent ay menor de-edad na bata, makatutulong na ibigay ang pangalan ng magulang, tagapag-alaga, o ibang tao na legal na responsable para sa bata.

**Numero ng Kaso.** Huwat magsulat sa linyang ito – ang kawani ng korte ay magtatalaga ng numero at punan ito para sa iyo.

### Mga Uri ng Proteksyong Kautusan na Maaari Mong Hingin.

- Ang **Panandaliang-terminong Proteksyong Kautusan** (tinatawag ding "ex parte" na kautusan) ay nagbibigay sa iyo ng agarang proteksyon. Ito ay tatagal ng 20 araw maliban kung pahabain ito ng hukom. Ang hukom ay maaaring magbigay o tanggihan ang petisyon batay lamang sa kung ano ang iyong isinulat sa petisyon at kung ano ang iyong pinatotohanan sa pagdinig, kung mayroong isang pagdinig. Maaaring ibigay ng hukom ang utos na ito ng proteksyon nang hindi sinasabi sa respondent na nagsampa ka ng petisyon, at nang walang pagdinig mula sa respondent. Hindi mo kailangang sabihin sa respondent na humihingi ka ng kautusang proteksyon, ngunit kung ginawa mo, lagyan ng tsek ang kahon sa porma at sabihin sa hukom kung paano mo sinubukang sabihin sa respondent na humihingi ka ng kautusang proteksyon.
- Ang **Pangmatagalang-terminong Kautusan** ay maaaring tumagal ng hanggang isang taon. Ang isang hukom ay maaari lamang magbigay ng pangmatagalang-terminong kautusan pagkatapos ng pagdinig. Ang respondent ay dapat makakuha nang hindi bababa sa 10 araw na abiso ng pagdinig sa hukuman at magkaroon ng pagkakataong magsalita sa pagdinig. Kung ang respondent ay may paunsawa, ngunit piniling hindi pumunta sa pagdinig, ang hukom ay maaari pa ring magbigay ng kautosan. Responsibilidad ng mga pulis o trooper na ipaalam sa respondent ang tungkol sa pagdinig.
- Pareho na **Panandaliang-termino at Pangmatagalang-terminong Kautusan.** Kung gusto mo ng parehong uri ng kautusan, lagyan ng tsek ang parehong mga kahon sa iyong petisyon. Kung hihilingin mo ang parehong mga kautusan, at ang iyong panandaliang-terminong kautusan ay ipinagkaloob, ang hukuman ay magtatakda ng pagdinig kapag ang hukom ay magpapasya sa pangmatagalang-terminong kautusan ng proteksyon. Ang respondent ay may pagkakataong dumalo sa pagdinig at labanan ang kautusan. Kung ang panandaliang-terminong kautusan ay hindi pinagkaloob, ang hukuman ay maaari o hindi maaaring mag-iskedyul ng pangmatagalang-terminong pagdinig.

**Relasyon sa pagitan ng Petisyoner at ng Respondent.** Upang makakuha ng utos na proteksyon sa domestikong karahasan, dapat ay mayroon kang partikular na uri ng relasyon sa respondent. Mayroong listahan ng mga kwalipikadong relasyon sa pahina 5 ng mga tagubiling ito. Lagyan ng tsek ang kahon sa porma na akma sa iyong relasyon. Kung wala kang isa sa mga relasyong ito, maaari kang maging karapat-dapat sa Sekswal na Pag-atake o *Stalking* (pagmamanman) na kautusang proteksyon. Tingnan *Ang mga tagubilin para sa Paghiling ng Proteksyon na Kautusan laban sa Pagmamanman o Sekswal na Pag-atake* (porma CIV-751) para sa karagdagang impormayon.

**Ilarawan ang Domestikong Karahasan.** Upang mag-isyu ng kautusang proteksyon, dapat matukoy ng hukom kung may nangyaring krimen ng karahasan sa tahanan. Hindi mo kailangang malaman ang mga pangalan ng mga krimeng ito o kung aling partikular ang nangyari sa iyo, ngunit kailangan mong ilarawan nang detalyado kung ano ang ginawa ng respondent sa iyo o sa iyong mga anak. Subukang isama ang mga petsa at lugar kung naaalala mo ang mga ito. Mayroong listahan ng mga krimen sa karahasan sa tahanan sa dulo ng mga tagubiling ito.

**Hiniling na mga Proteksyon.** Sa pinakamababa, ang kautusang proteksyon ay nagsasabi sa respondent na huwag gagawa ng karahasan sa tahanan, panliligalig, o panliligalig laban sa iyo, o banta na gawin ito. Ang porma ng petisyon ay naglilista ng maraming halimbawa ng iba pang mga proteksyon na maaari mong hilingin. Ang ilang mga proteksyon ay magagamit lamang sa pangmatagalang kautusang proteksyon. Isipin kung ano ang magpaparamdam sa iyo na ligtas at kung ano ang magpapahintulot sa iyo na ipagpatuloy ang iyong buhay. Kung gusto mong hilingin sa hukom na utusan ang respondent na bayaran ang mga gastos na nagresulta mula sa karahasan sa tahanan, ilista ang mga detalye ng bawat gastos at ang tiyak na halaga ng pera. Siguraduhing magdala ng dokumentasyon tungkol sa mga gastos (mga singil sa medikal, mga resibo o mga pagtatantya ng gastos sa pagpapalit ng nasirang ari-arian, atbp.) sa pangmatagalang pagdinig.

**Kustodiya ng Bata at Suporta sa Bata.** Kung ikaw at ang respondent ay may mga anak kayong dalawa, maaari mong hilingin sa hukom na gumawa ng ilang pansamantalang mga kautusan tungkol sa kung saan titira ang mga bata. Ipaliwanag nang detalyado kung sa tingin mo kailan dapat nasa iyo ang mga bata at kung kailan dapat ang mga bata ay nasa respondent, at kung paano mangyayari ang pagpapalitan ng mga bata sa pagitan ninyong dalawa kung may nakatakdang kautusang proteksyon. Maaari mo ring hilingin na bayaran ka ng respondent ng suporta sa bata. Kung humingi ka ng suporta sa bata, bigyan ang hukom ng maraming impormasyon hangga't maaari tungkol sa kita ng respondent. Subukang magdala ng mga kopya ng mga porma ng buwis at mga pay stub para sa iyo at sa respondent sa pangmatagalang-terminong pagdinig.

**Tulong mula sa Nagpapatupad ng Batas.** Kung kailangan mo ng tulong mula sa lokal na pulisya o trooper para makabalik sa iyong tahanan, o para kunin ang iyong mga personal na gamit, alagang hayop, o mga bata, ipaliwanag sa hukom kung anong tulong ang kailangan mo.

**Impormasyon tungkol sa Respondent.** Ang impormasyong ito ay makakatulong sa pagpapatupad ng batas na mahanap ang respondent upang bigyan ang respondent ng kopya ng kautusang proteksyon at paunawa tungkol sa anumang pangmatagalang-terminong pagdinig. Kung hindi mahanap ng mga opisyal na pagpapatupad ng batas ang respondent para gawin ang serbisyong ito, hindi maipapatupad ang kautusang proteksyon, kaya **napakahalaga** na magbigay ka ng mas maraming partikular na impormasyon hangga't maaari. *Ang Confidential Law Enforcement Information Sheet* (porma DV-127) na nakalakip sa petisyon ay nagbibigay sa iyo ng espasyo upang magbigay ng higit pang mga detalye. Tiyaking sagutan mo rin ang porma na DV-127 nang buo hangga't kaya mo.

**Impormasyon tungkol sa Petisyoner.** Ang hukuman ay dapat na makipag-ugnayan sa iyo para sa mga pagdinig sa korte at upang magbigay ng mga papeles, kaya **napakahalagang** ibigay sa korte ang iyong kasalukuyang numero ng telepono, email kung mayroon ka, at address kung saan makakatanggap ng sulat. Kung hihilingin mo ito, ang impormasyong ito ay maaaring ilagay sa espesyal na sobre na magagamit lamang sa mga kawani ng hukuman at hindi sa respondent. Kung gusto mong panatilihing kumpidensyal ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, ipaliwanag ito sa klerk ng hukuman kapag naghain ka ng iyong petisyon.

**Permahan at Ihain ang Petisyon.** Lagdaan ang iyong petisyon sa harap ng isang notaryo o klerk ng hukuman. Kung walang available na notaryo o klerk ng korte, lagdaan ang petisyon at ilakip ang *Self-Certification (Walang Notaryong Available)* (porma TF-835). Kapag pinirmahan mo ang petisyon, sumusumpa ka na lahat ng isinulat mo dito ay totoo. Kung ihain mo ang iyong petisyon sa elektronikong paraan, mag-save ng kopya nito kung magagawa mo ito nang ligtas. Kung personal kang maghain ng petisyon, gagawa ang klerk ng korte ng kopya para sa iyo, na dapat mo ring itago kung magagawa mo ito nang ligtas. Maaari mong ihain ang iyong petisyon sa pamamagitan ng email (direktoryo ng email: https://courts.alaska.gov/courtdir/efiling.htm#featured-content-1) o nang personal sa iyong lokal na hukuman. Kung humihiling ka lamang ng pangmatagalang-terminong kautusan, maaari mo rin itong ipadala sa koreo (listahan ng mga address: https://courts.alaska.gov/courtdir/index.htm).

## Ano ang mangyayari pagkatapos kung maihain ang aking petisyon para sa kautusang proteksyon?

Para sa mga kahilingan para sa panandaliang-terminong mga kautusang proteksyon, susuriin ito ng hukom nang mabilis, kadalasan sa parehong araw na naghain ka. Ang hukom ay maaaring magsagawa ng pagdinig o hindi. Maaari mong tanungin ang klerk ng korte kung ano ang karaniwang mga lokal na pamamaraan. Maging handa na maghintay at/o maging available sa pamamagitan ng telepono para sa iyong pagdinig sa loob ng ilang oras pagkatapos mong mag-hain. Ang hukom ay magpapasok ng isang kautusan na magbibigay o tanggihan ang kautusang proteksyon.

Kung humiling ka lamang ng pangmatagalang-terminong kautusang proteksyon, ang klerk ng hukuman ay magbibigay sa iyo o magpapadala sa iyo ng abiso kung kailan ang pangmatagalang-terminong pagdinig. Ang hukom ang magpapasya kung ibibigay ang kautusan pagkatapos maganap ang pagdinig.

## Ano ang mangyayari kung <u>tatanggihan</u> ng hukom ng aking petisyon para sa panandaliang-terminong kautusang proteksyon?

Wala sa mga bagay na hiniling mo sa petisyon ang may bisa. Sa madaling salita, magpapatuloy ang lahat na parang hindi ka nagsampa ng petisyon. Kung humiling ka ng pangmatagalang-terminong kautusan, ang hukuman ay maaaring magtakda ng pagdinig (karaniwan ay sa loob ng 2-3 linggo) upang marinig mula sa iyo at sa respondent tungkol sa kung ibibigay o hindi ang pangmatagalang-terminong kautusan.

## Ano ang mangyayari kung <u>ipagkaloob</u> ng hukom ang aking petisyon para sa panandaliang-terminong kautusang proteksyon?

**Tulong mula sa Nagpapatupad ng Batas.** Kung inutusan ng hukom ang pulis o trooper na tumulong sa pagpapatupad ng kautusan (halimbawa, upang tulungan kang makakuha ng ari-arian o mga bata), makipag-ugnayan sa iyong lokal na tagapagpatupad ng batas upang ayusin ito.

**Pagbibigay alam sa Respondent.** Kaagad na aabisuhan ng korte ang tagapagpatupad ng batas tungkol sa kautusang proteksyon upang subukan ng tagapagpatupad ng batas na bigyan ang respondent ng kopya. Ito ay tinatawag na "pagbibigay alam" sa utos ng proteksyon. Ang isang opisyal ng pulisya, estate trooper, o VPSO ay may pananagutan sa pagsilbi sa respondent

na may utos ng proteksyon.  Kung gusto mong malaman kung naihatid ang kautusan, maaari mong tawagan ang hindi pang-emerhensiya na numero para sa pagpapatupad ng batas o tingnan ang CourtView (maaaring tumagal ng hanggang 72 oras para ma-update ang impormasyong ito sa CourtView).  **Hindi ang sarili mo ang magbibigay alam sa respondent**.  Ito ay maaaring mapanganib para sa iyo, at hindi ito binibilang bilang serbisyo para sa mga legal na layunin.  Maipapatupad lang ang kautusan pagkatapos itong maihatid ng nagpapatupad ng batas.

**Ang Paglabag sa Kautusang Proteksyon.**  Kapag naihatid na sa respondent ang kautusan, maaaring isang krimen para sa respondent ang paglabag dito.  Iulat ang mga paglabag sa kautusang proteksyon sa iyong lokal na tagapagpatupad ng batas.

**Mga Darating na Pagdidinig.** Kung humingi ka ng pangmatagalang-terminong kautusang proteksyon, magtatakda ang hukuman ng pagdinig para sa iyo at sa repondent tungkol sa kung ibibigay o hindi ang pangmatagalang terminong kautusan.  Kung hindi ka sigurado kung kailan naka-iskedyul ang pagdinig, tawagan ang iyong lokal na hukuman at magtanong.

**Pagbabago, Pahabain, o Wakasan ang Kautusang Proteksyon.**
Pagkatapos ilabas ng hukom ang kautusang proteksyon, maaari mong hilingin sa hukom na:

- baguhin (babaguhin) ang kautusan.  Gamitin ang *Humiling sa Baguhin ang Proteksyong Kautusan* (porma DV-131 o DV-131M).
- ipagpatuloy (pahabain) ang pangmatagalang-terminong kautusan.  Gamitin ang *Humiling para mapahaba ang Pangmatagalang-Terminong Proteksyong Kautusan* (porma DV-132 o DV-132M)
- katapusan (pagkawala) ng kautusan.  Gamitin ang *Humiling na Mapawala ang Proteksyong Kautusan*  (porma DV-133 o DV-133M)

Ang mga pormang ito ay mayroon din sa papel na kopya sa korte ng opisina ng klerk, at mayroon din online sa ak-courts.info/dvforms.

## MGA KRIMEN NA KINASASANGKUTAN NG DOMESTIKONG KARAHASAN

**<u>Para maging kwalipikado bilang isang krimen sa domestikong karahasan</u>:**

- Ang isang krimen ay dapat ginawa o tinangka; at
- Ang krimen ay dapat nagawa ng isa sa miyembro ng sambahayan laban sa ibang miyembro ng sambahayan; at
- Ang krimen ay dapat isa sa mga krimen na nakalista sa Batas ng Alaska, o paglabag sa isang katulad ng batas sa ibang lungsod o estado.

**<u>Depinisyon ng "mga miyembro ng sambahayan" sa ilalim ng mga batas sa Alaska sa domestikong karahasan</u>:**

(1) Mga nasa hustong gulang o menor de-edad na bata na mayroong isa o higit pa sa mga nito:

- kasalukuyan o dating asawa
- magkasamang nakatira o nakatira magkasama noon
- ay nasa pakikipag-date o sekswal na relasyon (o nagkaroon noon)
- ay nauugnay sa pamamagitan ng kadugo o pag-aampon hanggang sa "ika-apat na antas ng pagkakamag-anak"
- ay kamag-anak o dating nauugnay sa pamamagitan ng kasal
- may anak na magkasama

(2) Mga menor de edad na anak ng isang tao sa alinman sa mga relasyon sa seksyon (1).

**<u>Listahan ng mga krimen para na kwalipikado sa kautusang proteksyon sa domestikong karahasan:</u>**

**Pag-atake** ay kapag ang isang tao ay pisikal na nakapinsala sa ibang tao, o kapag ang isang tao ay nagbabanta na pisikal na saktan ang ibang tao at maaaring agad na maisasagawa ang banta.  Kung mayroong banta, maaaring makakuha ka ng kautusang proteksyon kahit na ang respondent ay hindi pisikal na nakapinsala sa iyo.

**Pagsunog o Kriminal na Pinabayaang Pagsunog** ay kapag sinira ng isang tao ang mga ari-arian ng ibang tao sa pamamagitan ng pagsimula ng sunog o pagsabog.  Pagsunog din na sirain ang iyong sariling ari-arian sa pamamagitan ng apoy o pagsabog kung ito ay naglalagay ng ibang tao sa panganib o malubhang pisikal na pinsala.

**Pagnanakaw** ay kapag ang isang tao ay pumasok o nananatiling labag sa batas na manatili sa isang gusali na nagpaplano na gumawa ng isang krimen sa gusali.

**Kriminal na kasamaan** ay kapag sadyang sinira ng isang tao ang pag-aari ng ibang tao. Kriminal na kasamaan ay maaari paring mangyari kung ang tao ay magkasamang nagmamay-ari ng ari-arian na nasira.

**Kriminal na Paglabag** ay kapag ang isang tao ay pumasok o mananatili na labag sa batas na pananatili sa lupa, sa isang bahay, o sa isang sasakyan.

**Kalupitan sa Alagang hayop** ay kapag may isang taong sadyang pumapatay o nakasugat sa isang hayop na isang alagang hayop, na may hangaring takutin, pagbantaan o takutin ang ibang tao.

**Pangingi-alam sa Kustodiya** ay kapag ang isang miyembro ng pamilya ay kinukuha at dinadala ang bata na walang kahit na anong legal na karapatan na gawin, **at** ang taong ito ay may intensyon na itago ang bata mula sa legal na tagapag-alaga sa mahabang panahon.  Ang isang halimbawa ay kapag dinala palabas ng magulang ang bata palabas ng estado para mailayo ang bata mula sa isa pang magulang sa mahabang panahon, na walang anumang legal karapatan para gawin ito.  Ito ay **hindi** pangingi-alam sa kustodiya kung ang magulang ay nabigo na ibalik ang bata sa napagkasunduang oras.

**Ang pangingikil at pamimilit** ay mga krimen na karaniwang tinatawag na "blackmail." Nagsasangkot sila ng sinumang nagdudulot o nagbabanta sa pisikal na pinsala, o iba pang uri ng pinsala upang makakuha ng pag-aari ng ibang tao, o upang ipagawa sa isang tao ang isang bagay na ayaw nilang gawin.  Ang isang halimbawa ay kung may magbabanta na may i-post na nakakahiya tungkol sa iyo sa internet maliban nalang kung ang taong iyon ay bigyan mo ng pera.

**Panggugulo** ay kapag ang isang tao ay, may intensyon na manggulo o mang-inis ng ibang tao:

- Tumatawag sa telepono at hindi binababa, para ang isang tao ay hindi makatawag o makatanggap ng mga tawag; o
- Tumatawag ng paulit-ulit at sa napaka-abalang mga oras; o
- Gumawa ng isang tawag o elektronikong komunikasyon na hindi nagpapakilala o malaswa, o nagbabanta ng pisikal na pananakit o sekswal na pakikipag-ugnayan; o
- Naglalathala o namamahagi ng mga larawan, mga larawan, o bidyo na nagpapakita ng ari, puwet, o suso ng babae, o nagpapakita ng isang tao na gumagawa ng aktwal na pakikipagtalik.

**Pagdukot** ay kapag hawak ng isang tao ang ibang tao laban sa kalooban ng taong iyon. Karaniwan, nangangahulugan din ito na ang tao ay nagpaplanong pisikal o sekswal na pananakit sa ibang tao, lumilikha ng malaking panganib na ang ibang tao ay malubhang masaktan, o itinatago ang ibang tao upang may malaking panganib na ang ibang tao ay hindi natagpuan.

**Walang-pag-aalinlanganang pagpapahamak** ay kapag ang mga aksyon ng isang tao ay lumikha ng **mataas na panganib** ng **malubhang** pisikal na pinsala sa ibang tao. Ang isang halimbawa ay kapag nagmamaneho ka sa highway at hinawakan ng pasahero ang manibela, sinusubukang pilitin kang paalisin sa kalsada at malamang na maaksidente ka sa sasakyan.

**Pagnanakaw** ay kapag ang isang tao ay gumagamit ng puwersa, o nagbanta na gumamit ng dahas, upang kumuha ng pera o ari-arian mula sa ibang tao. Ang pera o ari-arian ay dapat na pisikal na nasa o napakalapit sa ibang tao kapag ginamit ang puwersa o ginawa ang pagbabanta.

**Sekswal na mga krimen** kasama ang lahat ng uri ng sekswal na pag-atake, sekswal na pang-aabuso sa menor de-edad, incest o pakikiapid sa kamag-anak, at malaswang pagkakalantad. Maaaring mangyari ang sekswal na pag-atake kahit na kasal ang mga partido. Kasama ang mga krimen na may kinalaman sa paggawa ng pornograpiya kabilang ang mga menor de edad, ngunit ang ibang mga krimeng nauugnay sa pornograpiya sa pangkalahatan ay hindi.

**Pagmamanman** ay kapag ang isang tao ay paulit-ulit na nakipag-ugnayan sa ibang tao nang walang pahintulot ng taong iyon, **at** ang mga pakikipag-ugnayan ay makatuwirang magpapatakot sa ibang tao sa pisikal na pinsala o kamatayan.

**Terroristang pagbabanta** ay kapag ang isang tao ay nagsasabi na mayroong sitwasyong nagbabanta sa buhay na naglalagay sa ibang tao sa takot sa pisikal na pinsala. Ang isang halimbawa ay ang pagtawag sa iyo sa telepono at pagbabanta na babarilin ka kapag umalis ka ng bahay. Isa rin itong krimen kung ang banta ay nagdudulot ng paglikas sa gusali o katulad na seryosong abala sa isang grupo ng mga tao.

**Paglabag sa kautusang proteksyon** ay kapag ang isang tao na may kautusang proteksyon laban sa kanila na may bagay na ginagawang paglabag sa kautusang proteksyon.

### Paano kung ang krimen na nagawa laban sa akin o sa aking menor de-edad na anak ay hindi nakalista sa itaas?

Kung ang krimeng ginawa ay hindi nakalista sa itaas, kakailanganin mong humingi ng saklolo sa ibang paraan. Ang mga sumusunod ay hindi itinuturing na mga krimen sa domestikong karahasan para sa mga layunin ng pagkuha ng isang kautusang proteksyon:

- Pagnanakaw
- Pamemeke
- Pag-abuso ng droga o alak
- Kapabayaan sa bata
- Paglabag sa utos ng korte (maliban sa kautusang proteksyon), kabilang ang kustodiya, pagbisita at mga kautusang suporta
- Paninirang-puri
- Mga banta na magsampa ng demanda, o gumawa ng mga ulat sa kapulisan o ibang ahensya ng gobyerno.